



MEDIA ADVISORY

baaqmd.gov



PETSA: Oktubre 8, 2024

MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, iho-host ang session para sa pagkatuto ng Mga Panuntunan sa Appliance ng Gusali sa Oktubre 22

Publiko, iniimbitahang matuto tungkol sa mga pagsusog sa panuntunan at magtanong

SAN FRANCISCO – Magho-host ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ng pampublikong session para matuto sa **Martes, Oktubre 22**, sa virtual na paraan sa Zoom, kaugnay ng mga pinagtibay na panuntunan (“Mga Panuntunan sa Appliance ng Gusali”) na nakakaapekto sa mga emisyon ng nitrogen oxide o NO_x mula sa mga natural gas-fired na water heating appliance. Iniimbitahan ang mga miyembro ng publiko na dumalo, malaman, at magtanong tungkol sa mga panuntunang ito.

ANO: Session para sa Pagkatuto Tungkol sa Mga Pagsusog sa Mga Panuntunan sa Appliance ng Gusali

SINO: Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area

KAILAN: Martes, Oktubre 22, 2024, mula 6 - 7 p.m.

Saan: Virtual sa Zoom

Noong Marso 15, 2023, may mga pinagtibay ang Distrito ng Hangin na pagsusog sa Panuntunan 9-4: Mga Nitrogen Oxide mula sa Mga Fan Type na Residential Central Furnace at Panuntunan 9-6: Mga Emisyon ng Mga Nitrogen Oxide mula sa Mga Natural Gas-Fired na Boiler at Water Heater na sumasaklaw sa mga point-of-sale na pamantayan sa emisyon para sa maliliit na karaniwang residensyal at komersyal na water at space heating system.

Malaking porsyento ng emisyon ng NO_x sa Bay Area ang nagmumula sa mga space at water-heating appliance. Ang NO_x ay nabubuo sa panahon ng combustion ng natural gas, kung saan nagsasama ang ambient na nitrogen at oxygen sa matataas na temperatura at itinuturing na “mga pamantayan sa mga pollutant sa hangin” at na nagreresulta sa pagkakabuo ng iba pang pollutant sa hangin gaya ng fine particulate matter at ozone. Sa mga pagsusog, lubos na mababawasan ang mga emisyon ng NO_x mula sa mga appliance na ito, pati ang pagkakabuo ng pangalawang particulate matter, na nagreresulta sa tinatayang 23 hanggang 52 mas kaunting pagkamatay at 71 mas kaunting kaso ng hika bawat taon.

Ipapatupad ang mga pagsusog na ito sa panuntunan sa loob ng maraming taon, at sa Enero 1, 2027 ang unang petsa ng pagsunod para sa mga water heater na may mas maliit na tank. Ang nakakasunod lang na zero NOx na teknolohiya sa ngayon ay de-kuryente. Pagtutuunan ng pampublikong session na ito para sa pagkatuto ang mga kamakailang development at ang nalalapait na pagpapatupad ng mas maliliit na water heater.

Puwedeng magparehistro ang publiko para sumali sa session para sa pagkatuto sa sumusunod na [link](#), kung saan magiging available ang agenda 48 oras bago ang meeting.

Puwedeng humiling ng simultaneous na interpretation hindi bababa sa 72 oras bago ang petsa ng pampublikong meeting. Para sa interpretation ng wika, makipag-ugnayan kay Brian Butler sa bbutler@baaqmd.gov, o 415-749-8734.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [X/Twitter](#), [Facebook](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)